Impormasyon ukol sa Sumasakay sa Transit

King County Metro Transit
Rider Information (206) 553-3000
http://www.kingcounty.gov/metro

Community Transit
(425) 353-7433 (RIDE)
http://www.communitytransit.org

Pierce Transit
(253) 581-8000
http://www.piercetransit.org

Sound Transit
1 (888) 889-6368
http://www.soundtransit.org

Amtrak
1 (800) 872-7245
http://www.amtrak.com

Mga Paaralan

Pakinggan ang lokal na himpilan ng radyo at television para sa impormasyon sa mga pagsasara ng paaralan at schedule ng mga pagbabago o tingnan sa www.seattleschools.org o Twitter@seapubschools. Mangyari lamang tiyakin na panatilihin ang impormasyon ukol sa snow at ice na pinamimigay ng iyong lokal na paaralan.

Mga Alternatibong Wika

Impormasyon sa mga Wika maliban sa Ingles
http://www.seattle.gov/transportation/winterweather.htm

Para su Talon at impormasyom

Pag-aayos ng Kalsada

Seattle Department of Transportation
(206) 684-7623 (ROAD)

Subaybayan ang SDOT sa Twitter at Facebook
Kumuha ng suskrisyon sa On the Move at SDOT na mga blog sa
http://www.seattle.gov/transportation

King County Road Services Division (Dibisyon ng King County sa Mga Serbisyo sa Daan)
Road Maintenance (206) 296-8100
http://www.kingcounty.gov/transportation/kcdot/roads

Mga Lungsod sa Suburb
Tumawag sa departamento ng pampublikong gawain at daan na matatagpuan sa iyong lungsod.

Kawalan ng kuryente

Seattle City Light
(206) 684-7400
http://www.seattle.gov/light

Puget Sound Energy
1-(888) 225-5773
http://www.pse.com

Mga Kondisyon ng Highway at Ferry

Washington State Department of Transportation
Mga Kundisyon ng kalye tumawag sa 511
http://www.wsdot.wa.gov/traffic

Washington State Ferry Information (Impormasyon sa Ferry sa Estado ng Washington)
Sa buong estado i-dial ang 511
Sa Seattle (automated) (206) 464-6400
http://www.wsdot.wa.gov/ferries

Lagay ng Panahon

Sama-sama tayong maghanda

sa Winter

2012 - 2013

Tagalog

SDOT
Seattle Department of Transportation

Ano ang Magagawa Mo Kapag May Mga Bagyo ng Snow

Alamin ang mga snow route.

- Pakinggan ang balita sa lagay ng panahon Magkaroon ng isang plano sa kaso na may dumating na matinding lagay ng panahon.
- Tiyakin na ikaw aymay pala para sa snow at asin o de-icer na produkto para malinis ang iyong driveway at mga sidewalk.
- Kapag dumating ang bagyo, huwag magmaneho kung hindi naman kinakailangan. Ang mas kaunting kotse sa kalye habang at pagkatapos ng isang bagyo ay nagpapadali at ginagawang mas ligtas na linisin ang mga kalye.
- Gamitin ang bus. Malapit na nakikipagtrabaho ang SDOT sa Metro Transit para tiyakin na ang mga ruta ng bus ay nadadaanan.
- Kung kinakailangan mong magmaneho, tiyakin na ang iyong kotse ay handa. Magdala ng mga katena at maging handa na ilagay ang mga ito. Tiyakin na ang mga bintana ay malinis at ang snow ay naalis mula sa buong kotse.
- Bagalan ang pagmamaneho at maglaan ng sapat na puwang sa pagitan mo at ng susunod na sasakyan. Maghanda sa yelo na hindi mo nakikita, lalo na sa mga tulay at matataas na daanan.
- Mag-ingat at sundin ang mga 'Street Closed' na karatula. Inilalagay ang mga ito ng pulis para sa iyong kaligtasan.

Mga Website ng SDOT na May Nakakatulong na Impormasyon

Ang website ng SDOT para sa panahon ng winter ay may mga link sa mga mapa:
http://www.seattle.gov/transportation/winterweather.htm

Mga live streaming na kamera na matatanaw ang mga pangunahing kalsada:
www.seattle.gov/travelers

Mga Bagyo kapag Winter - Maging isang Mabuting Kapitbahay

Ikaw ay bahagi rin ng team! Ang iyong pagsali at kaalaman ay makakatulong.

- Alisan ng dahon upang malinis ang sidewalk at kalapit na paagusan ng kalye. Ilagay ang iyong mga nakuhang dahon sa lalagyan ng yard waste, at hindi sa kalye.
- Kapag bumagsak ang snow, palahin at tanggalan ng yelo ang iyong sidewalk.. Maaari mong gamitin ang asin tulad nang paggamit namin. Lubos na magpapasalamat ang mga bata, mga nakatatanda o senior citizen at ang iyong koreo sa inyong pagsikap. Kung mayroon ka ring matatandang kapit-bahay, isaalang-alang ang paglilinis sa kanilang parte rin. Kung gawin ito ng lahat, ang mga sidewalk ay madadaanan para makapunta sa tindahan o bus stop.
- Linisin upang maalisan ng snow at yelo ang mga basurahan. Mas mapapadali nito at magiging mas mabisa ang pagkuha sa basura.
- Madalas ay tinutulak ng mga snow plow ang snow sa tabi ng kalsada, kaya't maaaring kailanganin mong alisin ang sobrang snow mula sa iyong daanan ng sasakyan. At, kung ikaw ay pumarada sa isang ruta ng snowplow, maaaring kailanganin mong palahin palabas ang iyong kotse.
- Dapat palahin ng mga negosyo at manager ng gusali ang mga sidewalk at bus stop sa labas ng kanilang mga lugat upang makaikot ang mga kustomer at empleyado.

Kapag Dumating na ang Bagyo - May Plano Kami

Ang SDOT ay malapit na nakikipagtulungan sa King County Metro, sa Seattle School District, mga lokal na unibersidad, mga ospital at mga pangunahing employer para matiyak na ang aming trabaho sa paglaban sa snow ay nagpapahintulot sa kakayahang makakilos o makagalaw ng mga tao at ng mga goods, at paraang makapasok sa rehiyon. Ipinapakita sa mapa sa polyetong ito ang mga kalsada kung saan namin pagsisikapan na pagtuunan ng pansin sa pagtatanggal ng snow. Ang mga kalsada na iyon ay lalagyan ng de-icer at papalahin kapag dumating ang bagyo. Ngayon ay ang tamang panahon para planuhin ang mga ruta para makarating sa trabaho, sa supermarket, child care o pangangalaga sa bata at mga medikal na appoinment.

Kapag parating sa atin ang Mga Bagyo - Naghahanda na Kami

Aming lilinisin ang mga pangunahing kalsada. Ang mga ito ang pangunahing mga ruta para sa mga sasakyang pang-emerhensya, pampublikong transportasyon at karamihan sa trapiko sa daan. Ito ang mga kalye na pinakamahalaga para makarating sa mga pangunahing pampublikong institusyon tulad ng mga ospital at paaralan, ang mga kalye na pinakamadalas na ginagamit ng pulis, mga bumbero at bus, at ang mga kalye na nagtutungo sa mga pangunahing employer ng Seattle. Tandaan, hindi pinapala ng SDOT ang mga sumasangay na kalye.

- Nagsisimula kaming maghanda sa winter habang summer pa lang: sinasanay ang mga staff, inaayos ang mga kagamitan at nakipagtutulungan sa mga kasosyong lokal na ahensya.
- Kapag ang malalakas na hangin o matinding ulan ay inaasahan na dumating, ang aming mga crew ay handang alisin ang mga bumagsak na puno mula sa daan, at ayusin ang mga karatula at senyales.
- Ang aming mga supply na asin at liquid anti-icer ay handa nang tumulong para maiwasan ang pagbuo ng yelo mula sa pangunahing mga kalsada at tulay.

Sa Seattle, ay winter ay maaaring magdala ng matinding ulan, malalakas na hangin, yelo at snow. Handa na kami.

- Sinusubaybayan ng aming staff ang mga ulat ng lagay ng panahon nang 24 oras, buong taon, na may direktang linya sa National Weather Service at live Doppler radar feeds.
- Kami ay gumagamit ng forecasting tool na ginawa ng University of Washington na tinatawag na SNOWWATCH para matutunan kung paano marahil makaka-apekto ang isang bagyo sa iba't ibang mga neighborhood. Ang impormasyon na ito ay makakatulong na matukoy kung saan mauunang kakailanganin ang mga tauhan.
- Ang mga computerized na sensor na matatagpuan sa mga tulay sa lungsod, at pati na rin mga sensor sa ibabaw ng lupa, ay nagkakaloob ng nasa-oras at wastong temperatura ng hangin at ibabaw ng kalsada.
- Gumagamit kami ng real-time, live streaming na mga camera para makita ang mga aktuwal na kondisyon ng mga pangunahing kalsada. Makikia mo ang mga pananaw ng camera sa website ng SDOT, sa www.seattle.gov/travelers.

Ang Lungsod ng Seattle ay gumagamit ng “proactive” na pamamaran, sa pamamagitan ng pinakamainam na mga pamamalakad sa pagtugon sa snow at yelo:

- Gumagamit ang mga crew ng SDOT ng mga trak na may plow o pang-araro at mga nagkakalat ng asin para mapanatiling malinis ang mga pangunahing kalsada.
- Bago magsimulang mag-snow, patuloy na nagpupunta sa kanilang mga ruta ang mga crew, at hinahagisan ng asin ang mga daanan kung saan kailangan. Kapag may sapat nang isang pulgada ng snow ang naipon, nagsisimula na silang mag-pala.
- Kapag nag-snow, isang Global Positioning Satellite (GPS) na sistema ang nagsusubaybay sa mga lokasyon ng mga trak. Isang mapa sa website ng SDOT ang nagpapakita kung nasaan ang mga sa trak sa aktuwal na oras at kung aling mga daan ang napuntahan na ng mga trak. Habang may bagyo, maaari mong makita ang mapa sa aming website sa www.seattle.gov/sdot/winterweathermap

Mga Bagyo kapag Winter - Heto ang aming Plano